4

# Modelong Banghay-Aralin sa Filipino

Kuwarter 1

Aralin

1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino 4**
**Kuwarter 1: Linggo 1 (Aralin 1)**
**TP 2024- 2025**

Ang kagamitang panturong ito ay nakalaan sa mga guro para sa implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024- 2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Bumuo**

**Mga Manunulat**:

- Leomar G. Mercado (Pagsanjan Integrated National High School)
- Michelle Tolentino

**Mga Tagasuri:**
- Mercy B. Abuloc (Philippine Normal University Mindanao
- Gaudencio Serrano

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph

**FILIPINO/ KUWARTER 4/ BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (alamat, pabula, parabula, at anekdota) at tekstong impormatibo (pag-iisa at paglalarawan), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing lokal o rehiyonal na naaangkop sa edad at nagsasaalang-alang sa kasarian batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa pagsasalaysay ng nakawiwiling pangyayari na naglalarawan ng isang lokal o rehiyonal na karanasan (anekdota). |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br>a. Nauunawaan ang tekstong naratibo (alamat);<br>b. Nagagamit ang mga salitang may denotasyon at konotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap (panandang konteksto-kasingkahulugan);<br>c. Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto (alamat-pasalaysay) sa pagbuo ng diskuro;<br>d. Nabibigyang kahulugan ang mga tekstong biswal (teksto, memes, logo, icons, barcode, QR Code, atbp.) na namasid batay sa mga elemento nito. |
| **D. Nilalaman** | Pag-unawa at Pagsusuri sa Alamat ng Palay<br>Kayarian ng Tekstong Naratibo (Alamat)<br>Pag-uugnay sa Tekstong Biswal sa Tekstong Binasa<br>Pagbuo ng Salaysay |
| **E. Integrasyon** | |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|

Ateneo de Manila University. (n.d.). *Ang alamat ng palay*. Arete. Retrieved from https://arete.ateneo.edu/connect/ang-alamat-ng-palay

DailyMotion. (2024). *Ritwal na 'manerwap'* [Video]. Retrieved from https://dai.ly/x8vjqg2

Google. (n.d.). *Google*. Retrieved from http://www.google.com/


Google. (n.d.). *Image of [description]*. Retrieved from https://images.app.goo.gl/aEcbvSLT2N9oaMGW6

Google. (n.d.). *Image of [description]*. Retrieved from https://images.app.goo.gl/6JNhFf765SiUjRxT6

VOVworld. (2017). *Bayanihan: House-moving tradition of the Philippines*. Retrieved from https://m.vovworld.vn/en-US/cultural-rendezvous/bayanihan-housemoving-tradition-of-the-philippines-559494.vov#ref-


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br><br>**I-Share Ko – I-Share Mo.** Gamit ang estratehiyang *Rally Robin*, gawin ang sumusunod:<br>● Pangkatin sa lima ang mga mag-aaral.<br>● Magbahagi ang bawat isa ng isang paboritong alamat na narinig, nabasa o napanood.<br>● Isaalang-alang ang pagiging mabuti at aktibong tagapakinig at paggalang sa nagsasalita.<br><br>Gabay na Tanong:<br>1. Anong mga alamat ang ibinahagi ng iyong kamag-aral?<br>2. Pamilyar ka ba sa mga nabanggit na alamat?<br>3. Ano ang alamat? | *(10 minuto)*<br><br>Ang bahaging ito ay elaborasyon ng pagtuturo sa implementasyon ng iba't ibang bahagi ng aralin.<br><br>Ang mga tala ay magiging gabay sa mga guro sa paraan ng presentasyon ng aralin at gawain, mungkahing teksto o lunsaran, kagamitan, at sanggunian, maging ang bahagi sa proseso ng integrasyon. Ang bahagi ring ito ay modipikasyon ng iba't ibang alternatibo para sa pagpapaunlad at pagpapayaman sa aralin. Ang bahaging ito ang magiging daan sa pleksibilidad sa |

| | | |
|---|---|---|
| | | pamamahala ng oras kaugnay ng progreso at pag-angat ng kakayahan ng mga mag-aaral. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**SIPAT-EKSENA.** Panoorin ang balita tungkol sa ritwal na *'manerwap'*<br>*https://dai.ly/x8vjqg2*<br><br>Gabay na Tanong:<br>• Ano ang ipinakikita sa *video clip*?<br>• Sino ang nagsasagawa ng ganitong gawain?<br>• Paano ito isinasagawa?<br>• Bakit nila ito isinasagawa?<br><br>**Thumbs-Up-Side-Down.** Gamit ang kamay na simbolo, tayahin ang kahandaan ng mga mag-aaral.<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>**I-Ugnay Mo.** Hanapin sa Hanay B ang mga salitang inilalarawan sa Hanay A. Isulat ang sagot sa malinis na papel.<br>Hanay A — Hanay B<br>1. paglasap ng lasa ng pagkain — A. namnam<br>2. itinakdang seremonya na gabay sa panlipunang kilos o gawi — B. pagsibol<br>3. pag-akyat sa anumang mataas na lugar — C. pumanhik<br>4. labis-labis ang dami — D. ritwal | (50 minuto)<br>Sa araw na ito,<br>• Magbabasa tayo ng isang alamat;<br>• uunawain natin ito at aalamin kung paano ito isinalaysay;<br>• magsasalaysay tayo ng ating mga natutuhan at karanasan; at<br>• aktibo tayong makikilahok sa talakayan at mga gawain sa aralin<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br>1. A. namnam<br>2. D. ritwal<br>3. C. pumanhik<br>4. E. sagana<br>5. B. pagsibol |

| | | |
|---|---|---|
| | 5. pagtubo ng tanim na binhi E. sagana | Ipagamit sa makabuluhang pangungusap ang mga salitang binigyang-pansin. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1: Pag-unawa at Pagsusuri sa Alamat**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**UGNAY-SALITA:** Magbigay ng mga salitang maiuugnay sa *ritwal*. Ipaliwanag.<br><br><br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**UNAWAIN MO.** Basahin ang “Alamat ng Palay” sa link na ito https://arete.ateneo.edu/connect/ang-alamat-ng-palay<br><br>**Alamat**<br><br>Ang Alamat ay isang uri ng kuwentong-bayan at panitikan na nagkukuwento tungkol sa pinagmulan ng mga bagay-bagay sa daigdig. Ito ay sumasalamin sa kultura na nagbibigay at lumilinang sa talino at kaisipan.<br><br>*Elemento ng Alamat*<br><br>1. *Tauhan*<br>Ang tauhan ay ang mga gumaganap sa isang alamat at nagbibigay buhay sa temang nais iparating ng alamat.<br>2. *Tagpuan* | *(10 minuto)*<br><br>Bigyang laya ang mga mag-aaral na makapagsagot sa gawain at tanungin sa detalye batay sa kanilang mga naging kasagutan.<br><br>*(35 minuto)* |

Ang tagpuan ay nagpapakita ng lugar at panahon kung kailan at saan naganap ang alamat. Ito rin ay naglalarawan sa paraan ng pamumuhay o estado ng mga tauhan sa lipunan.

3. *Banghay*


Ang banghay ay ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa isang alamat na nahahati sa tatlong bahagi: *simula, gitna at wakas.*

A. Simula – Ang simula ay ang paglalarawan sa tauhan at tagpuan ng alamat

B. Gitna – Ang gitna ay inilalahad ang mga pangyayaring nagpapakita ng pag-iisip at kaugalian ng bawat tauhan at ang paraan ng paghaharap ng tauhan sa mga suliranin.

C. Wakas – Ang wakas ay ang kahihinatnan o naging solusyon sa suliranin sa alamat.

**TALATUKLAS.** Batay sa binasang akda na Alamat ng Palay, ilahad ang mga elemento ng alamat na nabasa sa akda.





Gamitin ang inihandang organizer upang mas malinaw na mailahad ang mga detaye.

**Paglalapat at Pag-uugnay**

**Ilapat Natin!** Ikuwento sa kapareha ang naging karanasan sa aralin.

*(15 minuto)*



<table>
<tr>
<td></td>
<td>


**IKATLONG ARAW**

**Kaugnay na Paksa 2: Tekstong Biswal**

**Pagproseso ng Pag-unawa**<br>
**HULARAWAN.** Ibigay ang kahulugan at mensahe nan ais ipakita sa bawat larawan.








**Pinatnubayang Pagsasanay**<br>
**Tekstong Biswal**<br>
Ang *Tekstong Biswal* ay isang uri ng teksto na nagsasalin ng impormasyon sa pamamagitan ng mga larawan, grapiko, disenyo, at iba pang elemento ng sining na nakatutulong sa pagpapahayag ng mensahe. Ito ay karaniwang ginagamit sa mga poster, flyer, flyer, infographic, at iba pang anyo ng mga materyales na nakatutulong sa pagpapalaganap ng impormasyon.

**PIKSURI.** Suriin ang larawan batay sa nilalaman ng tekstong Biswal.<br>
Gabay na tanong:

1. Ano-ano ang nakita mo sa larawan?
2. Madali mo bang naunawaana ang nilalaman ng poster?

</td>
<td>

*(10 minuto)*

Malayang magbahagi ang mgabmag-aaral batay sa kanilang nakikita at obserbasyon.

Maaaring kasagutan ay may kinalaman sa Bayanihan, magsasaka, palay.

*(30 minuto)*

</td>
</tr>
</table>

3. Paano mo naunawaan ang nais ipahayag sa larawan?

**Paglalapat at Pag-uugnay**

**I-GUHIT MO.** Gumuhit ng simbolo na nagpapakita ng nilalaman ng binasang akda na Alamat ng Palay batay sa iyong natutunan.

| Kraytirya | Napakahusay 10 | Mahusay 9 | Paghusayin pa 8 |
|---|---|---|---|
| Kalinisan | Malinis ang pagkakaguhit at walang mga bura-bura | Hindi lubos na malinis ang pagkakaguhit at may kaunting mga bura-bura | Hindi malinis ang pagkakaguhit at may mga bura. |
| Simbolong Naiguhit | Angkop ang bagay na iginuhit | May kaunting kaangkupan ang bagay na iginuhit | Hindi angkop ang bagay na iginuhit |
| Kaangkupan ng Konsepto | Angkop ang paglalahad ng nilalaman sa konsepto na iginuhit | May kaunting kaangkupan ang paglalahad ng nilalaman sa konsepto na iginuhit | Hindi angkop ang paglalahad ng nilalaman sa konsepto na iginuhit |

*(20 minuto)*

Gamitin ang rubriks sa pagmamarka ng gawain ng mga mag-aaral.


**D. Paglalahat**

**IKAAPAT NA ARAW**

*(20 minuto)*

**1. Pabaong Pagkatuto**

**TALATUKLAS.** Ipaliwanag ang mga katangian ng alamat bilang isang pagpapahayag na pasalaysay at kuwentong bayan.




**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

**ALAM KO NA!** Isulat sa loob ng bombilya ang pinakamakabuluhang natutuhan tungkol sa araling tinalakay.

*(40 minuto)*



| | | |
|---|---|---|
| | | |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br><br>**Panuto:** Suriin ang pangungusap, bilugan ang mga salitang magkasingkahulugan. Mula sa mga salitang ito ay bumuo ng sariling pangungusap.<br><br>1. Kaya naglakbay siya ng maraming araw, inakyat ang tuktok ng Bundok Pulag, at nang makita ang hagdang nakatayo roon, pumanhik siya tungo sa mundo sa ibabaw ng ulap.<br>Denotasyon: ____________________________________________<br>Konotasyon: ____________________________________________<br>2. Madaling araw isasagawa ng mambubunong ang ritwal sa bawat bahay na seremonya ng pasasalamat.<br>Denotasyon: ____________________________________________<br>Konotasyon: ____________________________________________<br>3. Maingat na inipit ni Dockbongan ang mga butil ng palay sa kaniyang bahag at muling pumanaog sa lupa, handa ng mga binhing ito.<br>Denotasyon: ____________________________________________<br>Konotasyon: ____________________________________________ | | | |
| **B. Pagbuo ng Anotasyon**<br>. | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |